3

# Gawaing Pampagkatuto sa Filipino

Kuwarter 2

Linggo 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Filipino 3**
**Kuwarter 2: Linggo 4**

Ang materyal na ito ay inilaan upang gabayan ang mga guro sa pagtuturo at suportahan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng **MATATAG K to 10 Kurikulum**. Layunin nitong magsilbing batayan sa epektibong paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto na inaasahan sa bawat aralin.

Ang **Kagawaran ng Edukasyon (DepEd)**, sa pakikipagtulungan sa **Filipinas Copyright Licensing Society, Inc. (FILCOLS)**, ay nagsisigurong alinsunod sa *Republic Act No. 8047* ang pagbuo at paglilisensya ng mga kagamitang pampagkatuto para sa mga pampublikong paaralan. Ang **FILCOLS**, bilang opisyal na kinikilalang kolektibong organisasyong namamahala sa karapatang-ari para sa sektor ng teksto at larawan, ay nangangasiwa, naglilisensya, at nagpapatupad ng mga karapatan sa pagpaparami ng mga akda sa ngalan ng mga may-akda, tagapaglathala, at iba pang may hawak ng karapatang-ari.

Sa ilalim ng isang hindi eksklusibong kasunduan sa paglilisensya, ang FILCOLS ay nagkakaloob ng pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon na muling gamitin ang mga may copyright na akda sa pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto, na may kaukulang maliit na bayad. Napakahalaga ng pakikipagtulungang ito upang matiyak ang patuloy na akses ng mga mag-aaral sa mga kagamitan para sa pagkatuto, lalo na sa mga pagkakataong may pagkasira o pagkawala ng mga aklat dahil sa mga sakuna.

Tanging ang mga institusyon at entidad na may kasunduan sa FILCOLS ang may pahintulot na magparami ng mga materyal na ito. Ang sinumang hindi awtorisadong partido ay kailangang humingi ng direktang pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-ari. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.filcols.org o magpadala ng email sa filcols@gmail.com.

Walang bahagi ng materyal na ito, kabilang ang orihinal at hiniram nitong nilalaman, ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang pasulat na pahintulot mula sa Kagawaran ng Edukasyon.

Sinikap na matiyak ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos-pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development at RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project, pati na rin sa UNICEF, para sa kanilang suporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng mga kagamitang pangpagkatuto para sa MATATAG Kurikulum.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Angara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Elisa Q. Ruales |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Ellen Grace F. Fruelda |
| **Tagusuri ng Wika:** | Hilda N. Garcia |
| **Tagaguhit:** | Fermin Fabella, Jerson Rod A. Acosta |
| **Tagalapat:** | Rejoice Ann Mananquil, Joey E. Paras |
| **Tagapamahala:** | Bureau of Curriculum Development<br>Bureau of Learning Delivery<br>Bureau of Learning Resources |

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**

| | |
|---|---|
| Office Address: | Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex<br>Meralco Avenue, Pasig City<br>Philippines 1600 |
| Telefax: | (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985 |
| Email Address: | blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph |

# KAGAMITANG PAMPAGKATUTO

## UNANG ARAW

**Panuto:** Tukuyin ang kasingkahulugan ng mga salitang initiman sa pangungusap.

1. Habang masayang naliligo si Kalabaw ay **napuna** niya ang isang langaw sa kanyang tabi. Ano ang kasingkahulugan ng salitang napuna?
   a. nakita
   b. napansin
   c. nahalata

2. Hintayin mo ako at **lulutasin** ko ang iyong suliranin. Ano ang kasingkahulugan ng salitang lulutasin?
   a. aalisin
   b. aayusin
   c. tatapusin

3. Salamat sa tulong mo Kalabaw baka **nasawi** na ako kung wala ka. Ang kasing kahulugan ng salitang nasawi ay
   a. nasaktan
   b. pumanaw
   c. nasugatan

## Ang Langaw at ang Kalabaw

Noong unang panahon, may isang Kalabaw na naliligo sa ilog. Napuna niya ang isang langaw sa kaniyang tabi.
"Langaw, anong ginagawa mo rito?" pagalit na tanong ni Kalabaw.
"Pasensiya ka na. Hindi kasi ako makalipad sapagkat

nabasa ang aking pakpak," nalulungkot na sagot ni Langaw.
"Ganoon ba? Hintayin mo ako at lulutasin ko ang problema mo," sabi ni Kalabaw kay Langaw.

Makalipas ang ilang minuto, nagmamadaling bumalik sa ilog si Kalabaw na may dala-dalang mga dahon. Inilagay niya ang isang dahon sa kaniyang bibig at dahan-dahan niyang ipinahid sa pakpak ni Langaw. Patuloy na ginawa ito ni Kalabaw upang tuluyang matuyo ang pakpak ni Langaw.
" Kalabaw, maraming salamat sa iyong pagtulong. Marahil kung wala ka namatay na ako," masayang wika ni Langaw.

“Hayun, may kalabaw na kumakain ng damo. Barilin mo na at baka makawala pa.", ang sabi ng mangangaso sa kaniyang kausap.
Nakaakma na ang baril nito nang dumating si Langaw. Lumipad siya ng paikot-ikot sa tainga ng mangangaso hanggang sa bigla na lamang napaputok nito ang baril. Nang marinig ni Kalabaw ang putok ay kumaripas ito ng takbo sa damuhan.

Makalipas ang isang linggo, muling nagkita ang dalawa sa gubat at naikuwento ni Langaw kay Kalabaw ang nangyari. Simula noon ay naging magkaibigan na sina Langaw at Kalabaw.

**Pangkatang Gawain**
Panuto: Bigyan ng usapan o iskrip na may dayalogo ang bawat pangkat.

**Pangkat 1 at 2**

**Panuto:** Sagutan ang mga patlang at tukuyin kung sino ang nagsasalita.
**Maikling Usapan**
"Magandang umaga, mga mag-aaral!" bati ni __________.
"Magandang umaga rin po, Gng. Dela Cruz!" sagot ni __________.
"Huwag nating kalimutan ang ating proyekto sa Araling Panlipunan," paalala ni __________.

**Pangkat 3 at 4**

_______: "Mga kababayan, panatilihin nating malinis at ligtas ang ating barangay."
_______: "Tama po kayo, Kap. Ang ating paaralan ay dapat ding mapanatiling maayos."
_______: "Mula ngayon, sisiguraduhin naming hindi kami magtatapon ng basura kung saan-saan!"
_______: "At magtutulungan kami upang mapanatili ang kaayusan sa silid-aralan."

**Panuto:** Tukuyin ang nagsasalita sa bawat pahayag.

1. Napansin ni Ginoong Santos na walang assignment si Juan. Lumapit siya rito at sinabi, "Bakit hindi mo nagawa ang iyong takdang-aralin?"

2. "Mahalaga ang edukasyon sa ating kinabukasan," paliwanag ni Binibining Cruz.
3. "Laging tandaan na ang pagsisikap ay susi sa tagumpay," sabi ng guro.
4. “Masaya akong bumalik sa paaralan!” sabi ni Ana.
5. Hindi pinansin ni Rica ang kaniyang mga kalaro. “Gagawin ko ang aking takdang-aralin ngayon,” wika niya.

**Panuto:** Tukuyin ang nagsasalita sa bawat pahayag.

1. Tinanong ni Liza ang kaibigan niyang si Mark. "Kailan ang pagsusulit natin?"

2. "Oo, napasigaw sa tuwa si Miguel dahil nakapasa siya sa pagsusulit!" wika ni Lita.

## IKALAWANG ARAW

**Panuto:** Iguhit ang  kung ang initimang salita ay naglalarawan sa pinangyarihan ng kilos at  naman kung kailan ito nangyari.

**1.** Inihatid namin si Lolo **sa ospital.**
2. Nagdeposito ng pera s**a bangko** si Aling Marites.
3. **Tuwing hapon**, kami ay nagtitinda sa palengke.
4. Namimili kami **sa Quiapo** ng mga beads.
5. Itatanghal nila sa plaza ang dula **bukas**.

**Panuto:** Bilugan ang mga salitang naglalarawan kung kailan nangyari at pinangyarihan ng kilos.

1. Susunduin ka nila sa estasyon ng bus mamaya.
2. Nag-aaral ako sa Mataas na Paaralan ng San Andres.
3. Masarap ang haluhalo tuwing tag-init.
4. Kumakain ako ng gulay araw-araw.
5. Nagbasa ako ng mga libro sa silid-aklatan noong isang linggo.

**Panuto:** *Piliin ang tamang sagot sa loob ng panaklong.*

**1.** Naglinis ng silid si Carla *(kanina, sa paaralan, sa bahay)*. ***(panahon o oras)***
**2.** Nagpulong ang mga guro *(sa opisina, kahapon, tuwing umaga)*. ***(pinangyarihan o lugar)***
3. Magbabasa kami ng libro *(sa aklatan, mamaya, bukas ng umaga)*. ***(panahon o oras)***
4. Nagpahinga ang mga manggagawa *(kanina, sa ilalim ng puno, tuwing hapon)*. ***(pinangyarihan o lugar)***

Pumapasok sa paaralan si Jessa *(sa silid-aralan, tuwing Lunes, sa bakuran)*. ***(panahon o oras)***

**Panuto:** Tukuyin ang salitang naglalarawan sa oras at lugar ng kilos.

1. Nagtipon-tipon ang mag-aaral *sa gymnasium* para sa paligsahan.
2. Naglaro kami ng tumbang-preso *kahapon* sa bakuran.
3. Laging naghahanda ng aralin ang mga mag-aaral *tuwing gabi.*
4. Nagdaos ng flag ceremony ang paaralan *sa harap ng gusali.*


Dumarating nang maaga ang mga guro *bawat araw*.

## IKATLONG ARAW

**Panuto:** Basahain at unawain ang pangungusap sa bawat bilang. Isaayos ang mga letra sa kabilang pakpak ng paruparo upang matukoy ang kahulugan ng salitang nakasalungguhit.


**Halimbawa:**

1. Sinisipsip ni Tutubi ang <u>nektar</u> ng mga bulaklak.





**Gawain:**


1. Magpasalamat ka sa iyong pakpak imbes na maging <u>mapagmalaki</u>.





2. <u>Masuwerte</u> pa rin si Paruparo at nakawala siya sa bata.





3. <u>Napagtanto</u> niya na tamang mahalin kung ano ang mayroon tayo.




4. Huwag tayong **mangutya** ng iba.




5. Naiwan naman si tutubi na napapailing na lang sa **inasta** ni paruparo.




**Teksto**

## Ang Tutubi at ang Paruparo

Isang araw habang naghahanap ng makakain si tutubi nakita siya ni paruparo na naninipsip sa mga nektar ng nagagandahang mga bulaklak.

"Oy, tutubi saan ka pupunta? Halika muna dito at tingnan mo ang aking makulay na pakpak." Sabi ng paruparo habang paikut-ikot sa harap ng tutubi.

"Wala akong oras kaibigang paruparo, kailangan ko pang maghanap ng makakain at ako'y nagugutom na," sagot naman ng tutubi.

"Sus! Naiinggit ka lang sa maganda kong pakpak eh. Tingnan mo nga iyang sayo walang kakulay-kulay," pang-uuyam pa ng paruparo.
" Wala akong magagawa dahil ito ang ibinigay ng Diyos sa akin at saka isa pa kuntento ako sa kung anu ang meron ako. At saka sa halip na magyabang ka , magpasalamat ka dahil nabigyan ka nito na wala sa iba," mahabang litanya ng tutubi.
"Ay , wala akong pakialam sa sinasabi mo tutubi, basta ang mahalaga sa akin ako ang may pinakamagandang pakpak." Pagyayabang pa rin ng paruparo sabay lipad. Naiwan naman si tutubi na napapailing na lang sa inasta ni paruparo.
Sa sumunod na araw habang namamasyal ang tutubi, nakita niya si paruparo sa isang tabi at mukhang malungkot.
"Oh, kaibigang paruparo bakit ka malungkot may maitutulong ba ako?" tanong ni tutubi.
"Tama ka kaibigang tutubi, hindi dapat ipinagyayabang ang meron tayo na wala sa iba at sa halip magpasalamat. Nasira ang aking pakpak nang hilahin ito ng isang bata kahapon habang ako'y naglalaro sa may hardin," malungkot na pahayag ng paruparo.
"Wala ng magkakagusto sa akin ang pangit na ng pakpak ko, at nahihiya ako sa iyo kaibigang tutubi," pahayag ng paruparo.


"Nandito lang ako kaibigang paruparo, hindi batayan ang itsura sa pakipkipagkaibigan ang mahalaga ay ang nilalaman ng iyong kalooban.

**SURI-LARAWAN**

**Panuto:** Isulat sa ilalim ng larawan ang posibleng maging kasunod na pangyayari



________________________________________________
________________________________________________
_______________________________________________.



________________________________________________
________________________________________________
_______________________________________________.

**Panuto:** Basahin at unawain ang pahayag sa bawat bilang. Isulat ang titik sa sagutang papel na nagpapahayag ng posibleng wakas ng senaryo.

1. Si Cyrelle ay matiyagang pumapasok sa paaralan araw-araw. Ginagawa niya ang kaniyang makakaya upang may matutuhan sa bawat talakayan. Sinisikap rin niyang mapagbuti ang kaniyang mga pagsusulit at mga takdang-aralin. Kaya naman siya ay ___________.

a. napapabilang sa mga mag-aaral na may karangalan
b. napapabilang sa mga mag-aaral na napapatawag ang magulang
c. nalulungkot dahil nakakapunta ang kaniyang magulang
d. naging masaya dahil makukuha niya ang regalo mula sa kaniyang magulang.

2. May nais mabiling magandang sapatos bilang regalo para sa kaniyang sarili si Jane sa darating na pasko kaya naman _____________.

a. hindi siya kumakain tuwing recess upang makaipon
b. humihingi siya ng pera sa kaniyang ate upang mabili ang magandang sapatos
c. mamasko siya sa lahat ng kaniyang ninong at ninang upang magkaroon ng pera.
d. itatabi niya ang tirang baon sa araw-araw para mabili ang nais na regalo


3. Maagap na umuwi si Adrian pagkatapos ng kanilang klase. Agad siyang tumutulong sa mga gawaing bahay. Nakita ito nang kaniyang nanay kaya sinabihan siya ng _________.

a. pagbutihan at gawing ugali ang pagtulong sa gawaing bahay
b. huwag niyang gawin ang mga iyon para makapagpokus sa mga takdang-aralin
c. salamat anak, malaking bagay ang ginagawa mong pagtulong sa kaniyang gawain.
d. salamat anak at lagi kang maaga umuwi pagkaling sa klase.

4. Paboritong kainin ni Carl ang mga gulay at prutas. Hindi ito nawawala sa tuwing siyay kakain sa araw-araw. Kaya naman _________________.
a. siya' batang malusog at masiglang bata
b. masayahin at naging magalang sa nakakatanda
c. laging nauubos ang gulay at prutas sa kanilang kusina
d. laging aktibo at maraming nagagawa sa gawaing pampaaralan

5. Subsob sa pagtatrabaho si Mang Edu upang matustusan ang kaniyang pamilya. Umulan, umaraw ay namamasada siya. Madalas ay nalilipasan na rin siya ng gutom. Kinabukasan, nanghina ang katawan niya. Ano ang posibleng mangyari sa kaniya?
a. Magpapahinga muna siya.
b. Magkakasakit siya.
c. Magtatrabaho pa rin siya.
d. Magpapagamot siya.

**Panuto:** Isulat sa pakpak ng tutubi ang katangian na dapat taglayin ng isang tunay na kaibigan.



**IKAAPAT ARAW**

**Panuto:** Basahin at unawain ang pangungusap sa bawat bilang. Salungguhitan ang salitang naglalarawan at bilugan ang salitang kilos na inilalarawan.

**Halimbawa:**

**<u>Masarap</u>** magluto ng adobo sa ate ko.


1. Ipinagtanggol nang buong tapang ng mga bayani ang ating bansa.
2. Kinausap ni Joy nang mahinahon ang batang nakabasag ng salamin.
3. Unti-unting lumalakas ang ulan.
4. Siya ay nag-iisip nang bahagya bago tuluyang sumagot.
5. Ang pamilya Espiritu ay tumulong sa mga nasalanta ng bagyo nang bukal sa loob

**Panuto:** Tukuyin sa binasang talata ang mga salitang naglalarawan at salitang kilos na pinatutukungkulan. Isulat sa graphic organizer sa ibaba ang salitang naglalarawan ng paraan at salitang nagsasaad ng kilos. Pagkatapos ay bumuo ng maikling talata gamit ang salitang naitala patungkol sa sarili at bansa.

*Napansin ng guro na kakaiba si Carla. Maingat siyang magsalita.Iniisip niyang mabuti ang kanyang mga sinasabi. Magalang din siyang nakikipag-usap sa kanyang mga guro. Maayos din siyang makitungo sa kanyang mga kaklase. Hindi siya pasigaw magsaway sa maiingay. Malambing siyang magsalita. Masasabi kong si Carla ay batang kaaya-aya.*

Itala sa graphic organizer ang salitang naglalarawan at salitang kilos.

Graphic organizer A





Mailking talata tungkol sa sarili

_______________________________________________

_______________________________________________

______________________________________________.




Mailking talata tungkol sa bansa

______________________________________________________

______________________________________________________

_____________________________________________________.

**Panuto:** Punan ang patlang ng tamang salitang naglalarawan sa paraan kung paano naganap ang kilos sa bawat pangungusap. Pumili ng sagot sa loob ng kahon.

1. ____________ sumayaw si Rochelle.

| Bigay-todo , Todong birit |
|---|

2. ________ maglakad ang aking lola.

| Mabilis , Mabagal |
|---|

3. _______ magluto ang aking ina.

| Masarap, Masaklap |
|---|

4. _______ na pinunasan ni Carla ang plorera.

| Maingat, Mabusisi |
|---|

5. ________ naglalaro ang mga bata.

| Masayang , Malungkot |
|---|

**Panuto:** Gamitin ang mga salita sa ibaba sa makabuluhang pangungusa.Isulat sa inyong kuwaderno sa Filipino 3

**Halimbawa:**
Masarap-tawanan

**Pangungusap:**

Masarap na tawanan ang gumising sa kanya.

1. Masaya-naglalaro
2. Mabilis-tumakbo
3. Maayos-isiulat
4. Patagilid-ipinatong
5. Tahimik -nagmamatyag